Ontario

PALABAS NA BALITA

Ministeryo ng Pananalapi

Ang Plano para Protektahan ang Ontario

Nagpapatuloy na pinoprotektahan ng 2026 na Pang-ekonomiyang Pagpapahayag ng Ontario sa Panahon ng Taglagas ang mga manggagawa, pinalalakas ang mahahalagang mga industriya at pinananatiling ligtas ang mga trabahong magaganda ang suweldo para sa hinaharap

Balita Oktubre 29, 2026

TORONTO — Ngayon, inilabas ng Ministro ng Pananalapi na si Peter Bethlenfalvy ang *2026 na Pagsusuri ng Ekonomiya at Pananalapi ng Ontario: Ang Plano para Protektahan ang Ontario,* na isinusulong ang plano ng pamahalaan upang maprotektahan ang mga manggagawa, negosyo at komunidad ng Ontario, habang bumubuo ito ng pinaka-kompetitibo, matatag at nakadepende sa sariling ekonomiya sa G7. Namumuhunan ang pamahalaan upang mapagtibay ang lubos na mahahalagang mga industriyang naapektuhan ng taripa habang pinagbubuti ang pagiging kompetitibo ng Ontario upang makaakit ito ng mga trabahong magaganda ang suweldo sa mga estratehikong sektor na kung saan kabilang ang pinabuting pagmamanupaktura, pagmimina at pagpipino ng lubos na mahahalagang mga mineral, artificial intelligence (artipisyal na katalinuhan), depensa at marami pang iba.

Nagpapatuloy na dumaranas ang mga manggagawa, pamilya at negosyo ng Ontario ng makabuluhang mga kahirapan mula sa pagpapatuloy na aksiyon sa kalakalan ng Estados Unidos, sa kawalang-katatagan ng politikal na sitwasyon sa daigdig at sa kawalang-katiyakan sa ekonomiya ng bansa. Bagama't mayroon ngang mga kahirapang ito, pinananatili ng Ontario ang kaluwagan ng kanyang plano ng pananalapi upang makatugon sa nagbabagong mga kundisyon, habang nagpapatuloy na mamuhunan sa mga prayoridad na pinakamahahalaga sa mga pamilya at komunidad. Dahil sa mga kadahilanang ito, ipinapalagay ng pananaw sa pananalapi ng Ontario, na makikita sa *2026 na Pagsusuri ng Ekonomiya at Pananalapi ng Ontario,* projects na ito ay nasa landas na patungo sa isang balanseng budget sa 2029-30.

“Nagpapatuloy na dumaranas ang Ontario ng makabuluhang kawalang-katiyakan sa ekonomiyang dulot ng mga taripa ng Estados Unidos sa Canada, ngunit ang ating pamahalaan ay mayroong plano upang maprotektahan ang mga manggagawa, negosyo at komunidad habang bumubuo ng isang mas malakas na ekonomiya para sa hinaharap,” ang sabi ni Ministro Bethlenfalvy. “Sa pamamagitan ng responsableng pinansiyal na pangangasiwa, ginagawa nating mas matibay ang lubos na mahahalagang mga industriya habang hinihikayat natin ang mga trabahong panghinaharap, pinoprotektahan ang lubos na mahahalagang serbisyong pampubliko at sinisigurong ang ating probinsya ay nananatiling kompetitibo sa isang lalong hindi nagiging siguradong pandaigdigang ekonomiya.”

Sa pamamagitan ng responsableng pamamahala ng pananalapi at pamumuhunan sa mga partikular na sektor, pinalalakas ng Ontario ang mga oportunidad sa ekonomiya sa buong bansa, binabawasan ang mga hadlang sa panloobang kalakalan, sinusuportahan ang mga manggagawa at ang pagkakaroon ng mga trabaho, ang pamumuhunan sa lubos na mahahalagang imprastraktura sa pamamagitan ng ating $210 na bilyong kapital na plano, at pananatili ng kaluwagang kinakailangan upang makatugon sa nagbabagong mga pang-ekonomiyang kahirapan. Ipinagpapatuloy ng plano ng pananalapi ng pamahalaan ang isang napapanatiling pasulong na landas habang sinusuportahan ang pangmatagalang paglago at pagiging-kompetitibo ng ekonomiya ng Ontario.

Kabilang sa mga mahahalagang bahagi ng *2026 na Pang-ekonomiyang Pagpapahayag sa Panahon ng Taglagas* ang:

- Pinalalakas ang pagiging-kompetitibo ng Ontario sa pamamagitan ng Pagbabawas ng Buwis Bilang Bahagi ng Pagiging-kompetitibo ng Ontario (Ontario Competitiveness Tax Cut), na bahagi ng Plano ng Aksiyon sa Batas ng Ontario na sumasakop ng maraming taon. Ang panukalang ito ay magbibigay ng $8 bilyong pagbabawas ng buwis sa probinsya, na kabilang sa pamprobinsyang bahagi ng pederal na ipinahayag na Malaking Pagbabawas upang Maging Produktibo (Productivity Mega Deduction), magreresulta ito sa pagpapababa ng halaga ng pamumuhunan ng negosyo sa pamamagitan ng permanenteng pagbibigay-pahintulot sa mga negosyong kaagad-agad na i-write off ang 100 porsyento ng halaga ng malawak na saklaw ng mga ari-arian. Pagkatapos na maaprubahan ang pederal na pagbabatas, ang panukala ay tinatayang makakahikayat ng hindi kukulangin sa $11 bilyon sa karagdagang kapital na pamumuhunan sa probinsya, na magreresulta sa pagkakaroon ng 30,000 mga bagong trabaho at ang pagdaragdag ng $6 na bilyon sa kabuuang pambansang produkto (gross domestic product, GDP). Kung pinagsama sa pinabilis na mga panukala ng pag-write off na kabilang sa *2026 na Budget*, magreresulta ito sa pagkakaroon ng kabuuang pagbabawas sa buwis na $12 bilyon sa loob ng limang taon bilang pagsuporta ng Ontario sa pamumuhunan ng negosyo.
- Pagpapatuloy na palakasin ang baseng pang-industriya ng Ontario at makahikayat ng mga trabaho at pamumuhunan sa pamamagitan ng bagong $8.7 bilyong plano ng aksiyon ng Canada-Ontario upang mapalakas ang bakal, sasakyan at mahahalagang mga mineral na sektor ng probinsya. Makakatulong ang plano na maprotektahan ang mga manggagawa at mga negosyong naapektuhan ng mga taripa ng Estados Unidos, masuportahan ang modernisasyon ng lubos na mahahalagang mga industriya, maging posible ang pagpapaunlad ng lubos na mahahalagang mineral at maihanda ang Ontario para makipag-kompitensiya sa mga industriya sa hinaharap, kabilang ang pinabuting pagmamanupaktura, depensa, enerhiya, mga sasakyang de-kuryente at estratehiyang imprastraktura. Sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga konektadong grupo ng mga pambansang supply, pagpapalawak ng mga oportunidad sa merkado at pagbibigay-suporta sa malalaking pamumuhunan, bumubuo ang Ontario ng isang mas kompetitibo, matatag at nakadepende sa sariling ekonomiya.

- Ang pagtanggal ng labis-labis na burukrasya upang makabuo ng pinaka-kompetitibong ekonomiya sa G7 sa pamamagitan ng pagbabawas ng kahirapang dulot ng regulasyon at pagpapabilis ng mga pag-apruba para sa mga negosyo. Kabilang dito ang pangako na pag-aaralan nito ang bawat isa sa 375 na mga permit sa negosyo sa loob ng tatlong taon, na may layuning alisin, pabutihin o baguhin nang 35-50 porsyento sa pagtatapos ng 2028. Sa unang taon, napag-aralan na ng pamahalaan ang 51 porsyento ng 375 na mga permit sa negosyo, na kung saan inalis, pinabuti o binago nito ang 65 porsyento ng mga permit na pinag-aralan. Inaalis din ng Ontario ang halos 220,000 araw na haba ng panahon ng pagproseso ng permit, pinabibilis ang pagkumpleto ng lubos na mahahalagang mga proyektong pang-imprastraktura at sinusuportahan ang kakayahang makagalaw ng trabaho.
- Ang pagsasagawa ng mabilis na aksiyon sa pamamagitan ng pagpapahayag ng halos $30 bilyon na kaluwagan sa taripa at pagbibigay-suporta sa mga manggagawa at negosyo simula pa noong Abril 2025, kabilang ang mga panukala upang makabuo ng pangmatagalang katatagan at kasaganaan ng ekonomiya. Kabilang dito ang isang anim na buwang interes at walang parusang panahon ng pagpapaliban mula Abril 1 hanggang Oktubre 1, 2025, para sa mga partikular na buwis na pinamamahalaan ng probinsya, na nagkakahalaga ng $9 na bilyon na kaluwagan sa kakayahang gawing pera ang ari-arian na maaaring matanggap ng tinatayang 80,000 negosyo upang makatulong na mapahupa ang mga pinansiyal na kahirapang nararanasan. Pinalawak din ng pamahalaan ang pagiging kuwalipikado para sa Pondo sa Kalakalang Magkasama sa Ontario (Ontario Together Trade Fund, OTTF) at sa Programa sa Pagpopondo upang Maprotektahan ang Ontario (Protect Ontario Financing Program, POFP) upang mabigyan ang mga negosyo ng lubos na mahahalagang suporta upang mapanatiling bukas ang mga pintuan, mapanatiling nagtatrabaho ng mga manggagawa at maibalik ang kanilang mga konektadong grupo ng supply sa ating teritoryo.
- Pinagpapabuti ang suporta sa pananaliksik at pagpapaunlad sa pamamagitan ng pagpapanumbalik na mga kapital na pinaggagastusan bilang itinuturing na karapat-dapat na mga gastos sa ilalim ng Kredito sa Buwis ng Ontario para sa Pananaliksik at Pagpapaunlad (Ontario Research and Development Tax Credit) at ng Kredito sa Buwis para sa Inobasyon ng Ontario (Ontario Innovation Tax Credit), bilang kasabay sa mga pederal na pagpapabuti. Tinatayang makapagbibigay ito ng mahigit sa $50 milyon sa susunod na tatlong taon bilang karagdagang suporta sa buwis, na siyang nakatutulong sa pagpapababa ng gastos sa R&D para sa halos 700 mga negosyo.

- Pagbibigay-respeto sa dolyar ng nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng responsableng pamamahala sa pananalapi at patuloy na pagususmikap upang mapabuti ang kahusayan ng pamahalaan, mapalakas ang pangangasiwa at mabawasan ang kahirapan na resulta ng pamamahala. Kabilang sa mga panukala ng pamahalaan ang pagsusuri ng mga programa at serbisyong may prayoridad upang makilala ang mga kahusayan, mabawasan ang mga pagkakamali, basura, pang-aabuso at pandaraya, at upang mapabuti ang mga kinalalabasan ng pamumuhunan at masiguro na ang mga mapagkukunan ay nakatuon sa pagbibigay ng mga pampublikong serbisyong may mataas na kalidad para sa mga pamilya at negosyo sa Ontario.
- Sinusuportahan ang sektor ng pelikula at telebisyon ng Ontario sa pamamagitan ng pagmumungkahi na baguhin ang pagiging karapat-dapat para sa Kredito sa Buwis ng Ontario para sa Animation sa Computer at mga Espesyal na Epekto (Ontario Computer Animation and Special Effects, OCASE) Upang matulungang masuportahan at pasimplehin ang kakayahang matanggap ang 18 porsyentong nai-re-refund na kredito sa buwis sa kita ng korporasyon, nagmumungkahi ang pamahalaan na baguhin ang pagiging karapat-dapat para matanggap ang kreditong ito patungo sa tanging mga producer lamang ng pelikula at telebisyon. Ang minumungkahing pamamaraang ito ay magreresulta sa pagiging mas katugma sa proseso ng pagiging karapat-dapat sa iba pang mga hurisdiksiyon sa Canada at maipagpatuloy na masuportahan ang mga espesyal na epekto at aktibidad ng animation sa Ontario.

Mga Katotohanan

- Bagama't mayroong patuloy na kawalan ng katiyakan sa ekonomiya, ang ekonomiya ng Ontario ay inaasahang magpapatuloy na lumaki, na kung saan ang tunay na GDP ay tinatayang tumaas nang 0.5 porsyento sa 2026 at 1.5 porsyento sa 2027.
- Ang plano ng pananalapi ng Ontario ay may kasamang karagdagang pag-iingat upang mapanatili ang kaluwagan at makatugon sa mahihirap na kundisyon sa ekonomiya. Ang kakulangan ay tinatayang magiging $16.9 na bilyon sa 2026–27, $12.7 sa 2027-28 at $6.7 bilyon in 2028–29 bago ito bumalik sa pagiging balanse sa 2029–30.
- Pagbibigay-suporta sa sektor ng kagubatan ng Ontario sa pamamagitan ng mahigit sa $90 milyon na mga pamumuhunan upang mapalakas ang pagiging-kompetitibo at inobasyon, kasabay ng mahigit sa $86 na milyon ng suporta sa mga biomass na proyekto sa kagubatan na tumutulong na makakuha at mapalawak ang pangmatagalang paggamit ng kahoy sa buong probinsya.
- Patuloy na pinagbubuti ng Ontario ang kakayahan nitong mapangasiwaan ang kanyang utang, na kung saan ang proporsyon ng utang kung ikukumpara sa

GDP ay tinatayang mananatiling mas mababa sa 40 porsyento ng pamahalaan sa buong panahon ng pananaw.

- Pinananatiling mababa ang mga gastos para sa mga pamilya at indibidwal sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahigit sa $12.5 bilyon ng suporta sa 2026–27, kabilang ang mga pamumuhunan sa pabahay, edukasyon, pagbibiyahe at transportasyon, kakayahang makaya ang halaga ng enerhiya, pangangalaga ng bata at mga benepisyo para sa pamilya, at mga suporta para sa mga grupo ng mga mahihina sa populasyon.
- Maglulunsad ang pamahalaan ng mga konsultasyon sa Nobyembreng ito upang makatulong na maipaalam ang *2027 na Budget* at ang susunod na yugto ng kanyang plano upang maprotektahan ang Ontario, mapalago ang ekonomiya, makabuo ng lubos na mahahalagang imprastraktura at makapagbigay ng mas mabubuting mga serbisyo.

Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

Basahin ang *2026 na Pang-ekonomiyang Pananaw at Pagsusuri sa Pananalapi ng Ontario – Ang Plano para Protektahan ang Ontario*

Basahin ang mahahalagang bahagi ng *Ang Plano para Protektahan ang Ontario*

Basahin ang *Backgrounder: Buod ng Ekonomiya at Pananalapi*

Basahin ang *2026 na Budget ng Ontario: Ang Plano para Protektahan ang Ontario*

MGA MAKAKAUSAP NG MEDIA

Sarah Chapin
Opisina ni Ministro Bethlenfalvy
Sarah.Chapin@ontario.ca

Scott Blodgett
Sangay ng Komunikasyon
Scott.Blodgett@ontario.ca

news.ontario.ca/mof/en
Disponible en français